Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
facebook.com/mzbmp | call or text: 09154948573 | sermonaudio.com/mzbmp
Mar. 25, 2018 – Sun. AM – Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Bawal Hawakan

**Texto**: 1 Chronicles 13:10 "And the anger of the LORD was kindled against Uzza, and he smote him, because he put his hand to the ark: and there he died before God."

**Panimula**:

1. Ang arka (o kaban) ay nahuli ng mga Filistines (1 Sam. 4:11). [7 months ito na sa kanila, 1 Sam. 6:1]. Isinauli ito nila sa mga Hudyo pero inilagay ito sa Kiriathjearim (o Baala, 2 Chr. 13:6), mga 16 kilometers (10 miles) northwest from Jerusalem.
2. Itinaguyod ni King David na ang Jerusalem ay ang magiging kabisera ng pagsamba ng bayang Israel. Itinipon niya ang buong Israel upang dalhin ang arka, sa isang maringal na prosesyon ng seremonya, sa Jerusalem.
3. Subalit napinsala ang insidente ang parada. Ang ginawa ni Uzza ay direktang paglabag sa batas (Mga Bilang/Numbers 4:15). Ang poot ng Diyos ay nagningas at ang hatol ay dumating kay Uzza.

**I. Mga Dakilang Pagkakamali**:

A. Kapag maraming mga tao, ibig sabihin, katanggap-tanggap sa Diyos ang pagsamba nila. Tama ang puso, at intension, at layunin ni King David. Siya ay namumuno, at una sa lahat nais niya na itaguyod ang pagsamba ng Diyos sa Jerusalem. Hinanap niya ang Ark of the Covenant. At kanilang ilinipat ito sa Kiritathjearim patungo sa Jerusalem. Ang maraming pinaghihinalaang mga sumasamba ay maaring hindi makahandog ng katanggap-tanggap na pagsasamba sa Diyos.

B. Kapag gumamit tayo ng bagong paraan sa pagsasamba sa Diyos, ito ay katanggap-tanggap sa Kanya. Ang Ginawa nila ay inilagay nila ang Ark sa "bagong karo" (new cart). Ang hindi nila inisip ay mayroong tamang pamamaraan na isinaad na ng Banal na Kasulatan patungkol sa pagdadala ng Ark, ayon sa Numbers 4:15. Lahat ng pagsasamba natin, gaya na rin ng pamumuhay natin ay dapat base sa Salita ng Diyos.

C. Kapag masaya at masidhi ang ating pagsasamba ito ay katanggap-tanggap sa Diyos. Maganda ang may sigla sa pagaawit, pero kung ito ay panlabas lamang at walang katotohanan sa puso, ito ay hindi nakakapag-bigay luwalhati sa Diyos.

D. Kapag ang Ark ay nasa Jerusalem, magiging katanggap-tanggap ito sa Diyos. Ang akala nila na sa pamamagitan ng kasangkapan ay sila ay makakapagbigay lugod sa Diyos. Ginawa nilang pamahiin ang Ark. Isang ating-ating. Isang idolo. Pampa-buwenas. Hindi nila inisip na ang Diyos ay espiritu. Kumunsulta siya sa napakaraming tao pero hindi siya kumunsulta sa Diyos. Masigla ang kanilang kasiyahan, pero na saan ang sigla ng kapakumbabaan ng isip. Mayroong ilang mga instrumento ang mababasa natin (13:8) – awit, alpa, salterio, pandereta, simbalo, mga trumpeta, ngunit walang sacrifisyo at dugo!

[Ps. 5:4-6; 24:3-4; 47:8; Isa. 6:3; Lk. 1:49; Rev. 4:8;] Jesus' blood [Matt. 26:28; Rom. 5:9; Col. 1:20; Heb. 9:14; 1 Pet. 1:18-19; 1 John 1:7]

**II. Ano ang Tama**?

A. Walang dahilan para sa pagsaway. Sa unang utos lamang ng Exo. 20:3 dapat alam na nila kung ano ang tamang pamamaraan ng pagsamba sa Diyos.

B. Hindi tayo pwedeng sumamba sa Diyos ayon sa ating sarili o ayon sa ating kagustuhan.

C. Ang Diyos ay nagbigay ng Kanyang salita patungkol sa pagsasamba sa Kanya (at pamumuhay natin). Dapat pag-aralan natin ito at sundin natin ang mga pahayag ng Diyos, hinid ang opinion o isip ng tao.

D. Nagalit si David, sa kanyang sarili. (v.11) – sa kanyang mga pagkakamali. Dito nagsisimula ang ebanghelyo (mabuting balita).

E. Natakot siya sa Diyos. (v.12)

**Katapusan**:

1. Maliban lamang sa sakripisyo ni Jesu-Cristo at sa Kanyang banal na dugo, walang tayong karapatan na Lumapit sa Diyos.
2. Nawa matutunan natin, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na si Cristo lamang ang pagasa!